Filipino

Gabay sa pamumuhay sa Hiroshima

Ginawa: Marso 2021 (Reiwa 3)

Maraming taong dayuhan ang nasyonalidad tulad ng mula sa Tsina, South Korea/North Korea, Pilipinas, Vietnam, Brazil ang namumuhay sa Hiroshima prefecture.

Dahil dito, isinusulong sa Hiroshima prefecture ang pagsasaayos ng kalagayan ng pamumuhay kung saan maginhawang makapamumuhay ang kahit sino man at pagsasaayos ng kalagayan kung saan maaaring lumahok sa komunidad, nang nilalayon ang “Lipunan ng Multikultural na Simbiyosis” kung saan iginagalang ang karapatang pantao, iba’t ibang kultura, kaugalian, pag-unawa ng kahalagahan ng lahat ng tao anuman ang nasyonalidad o lahi, at makakakilos nang masigla ang bawat isa habang ipinapakita ang sariling katangian at kakayahan.

Upang maitatag ang komunidad kung saan makakasama sa pamumuhay ang mga residenteng dayuhan ang nasyonalidad tulad din ng ibang residente, mahalagang malaman ang kalagayan at kasaysayan tungkol sa paninirahan sa Hiroshima prefecture, mapalalim ang pag-unawa sa ibang kultura, kaugalian, pag-unawa ng kahalagahan at iba pa, at harapin ang “Pagbuo ng Pook para sa Multikultural na Simbiyosis” tungo sa paglutas ng mga suliraning napapalibot sa mga residenteng dayuhan ang nasyonalidad.

Bilang bahagi ng pagharap dito, ilang beses na ginawan ng rebisyon ang “Gabay sa pamumuhay sa Hiroshima” na ginawa noong 1995 (Heisei 7), kung saan inilakip ang opinyon ng mga dayuhang residente ng prepektura, subalit sa pagkakataong ito ay ginawa ang pagbabagong tugma sa renewal ng Live in Hiroshima.

Ipagpapatuloy pa rin ang pagsisikap para mapahusay ang mga gawain ng pagpapahayag sa publiko at pagpukaw sa kaalaman, paghahandog ng impormasyon sa pamumuhay, pagsasagawa ng konsultasyon at iba pa para sa mga residenteng dayuhan ang nasyonalidad, nang nakikipagtulungan sa mga lungsod, bayan at

Ano ang Multikultural na Simbiyosis?

Ipinapahayag na kahulugan nito ang “Magkasamang pamumuhay ng mga taong magkakaiba ang nasyonalidad, lahi, at iba pa, bilang miyembro ng komunidad kung saan tinatanggap ang pangkulturang pagkakaiba ng isa’t isa habang nagtatatag ng pantay na kaugnayan.”

(Ayon sa “Ulat ng Lupon kaugnay sa Pagtataguyod ng Multikultural na Simbiyosis” Marso 2006 (Heisei 18) ng Kagawaran ng Ugnayang Panloob at Komunikasyon)

Mag-ingat!!

1) Tungkol sa paggamit ng “Gabay sa pamumuhay sa Hiroshima”

Mangyari lamang na siguraduhing magtanong sa tagapamahalang ahensiya ng pamahalaan tungkol sa mga palakad para sa paggamit ng bawat serbisyo dahil para sa karamihan ng mga iba’t ibang programa at iba pang serbisyong pampamahalaang nakasulat sa gabay na ito, magkakaroon lamang ng karapatan sa pamamagitan ng pag-apply ng taong tinutukoy sa serbisyo.

2) Tungkol sa mapagtatanungan, impormasyon sa homepage

Maaaring hindi tumutugon sa iba’t ibang wika ang ahensiyang mapagtatanungan, homepage at iba pang nakasulat sa gabay na ito.